

Mimitaro

Tagalog タガログ語版 ☆ No.127 April, 2018

SIA Volunteer Group “Mimitaro”

Piazza Omi 2F 1-1-20 Nionohama, Otsu City

Tel/Fax : 077-523-5646

E-mail : mimitaro@s-i-a.or.jp

URL : <http://www.s-i-a.or.jp>

 : <https://www.facebook.com/siabiwako>

Pangarap mula sa pagtatanim ng strawberry!

Kinapanayam ng Mimitaro ang tagapamahala ng Takano Strawberries (*Takano Ichigo-en*) sa Ryuo na si Gng. Era de Oliveira Lilia Kimie.



Dumating ako sa Japan buhat sa Brazil 20 taon na ang nakalilipas at matagal akong nagtrabaho sa pabrika, subalit sinimulan ko ang hanapbuhay na ito pagkaraan nang hindi inaasahang takbo ng mga pangyayari. Ito ay nagsimula 13 taon na ang nakakaraan nang kami ng aking mga kaibigan ay nagpunta sa Ryuo upang mamitas ng peras. Nakasalubong namin ang isang may edad nang babae na nagngangalang Gng. Takano na may bitbit na isang lalagyang punô ng mga gulay sa tabi ng daan at kami ay bumili ng kanyang paninda. Simula noon, tuwing kami ay bibili sa kanya, siya ay nagpapatulong sa amin ng aking asawa sa mga gawain sa kanyang taniman. Kami ay nalibang sa pagtatanim na ibang-iba sa gawain namin sa pabrika. Nakakawala pa ito ng stress. Kami ay dumadaan sa taniman nang 2 o 3 beses sa isang linggo bago umuwi buhat sa pang-gabing trabaho upang tumulong sa pag-ani, pagbubuhay ng lupa, at iba pang gawain. Sampung taon ang lumipas sa ganitong paraan at nang manghina ang katawan ni Gng. Takano, siya ay nag-alala kung paano niya maipagpapatuloy ang pag-aalaga sa kanyang mga strawberry. Sabi niya noon sa akin, “Maipagkakatiwala ko ang aking mga tanim sa isang katulad mo”, at ipinaubaya niya sa akin ang pamamahala sa kanyang taniman ng strawberry. Sa paglalarawan ko sa sarili kong kinabukasan, naisip kong hindi panghabang-buhay ang trabaho sa pabrika at dahil sa wala rin naman akong balak na umuwi sa aking bansa, nagdesisyon akong subukan ang agrikultura na maaaring gawin nang pangmatagalan. Hindi ako nagdalawang-isip, itinigil ko ang trabaho sa pabrika at magkasama kaming nagtrabaho ni Gng. Takano habang ako ay nagsasanay sa pagtatanim ng strawberry sa loob ng isang taon. May 2 taon na ang nakakaraan mula nang ako ay magsarili. Nang nakaraang taon, sa pamamagitan ng hiniram naming loan, nagtayo pa ng 2 bagong greenhouse sa lupang aming nabili, bukod pa sa 5 nauna rito, at ngayon ay mayroon kaming 10,000 tanim na mga strawberry. Dahil sa maselang ang pag-aalaga nito, mahirap tiyak kung ano ang maaaring mangyari sa kinabukasan, subalit sa ngayon ay maayos ang takbo ng lahat at kahit na gaano ang aming itamin na mga strawberry, ito ay kinukulang pa rin.

Bago ako magsimula sa pangangasiwa ng taniman, minaliit ko ang mga gawain dito at tiwala ako sa aking sarili na kayang-kaya ko ito dahilan sa si Gng. Takano, sa kanyang edad, ay mag-isa lamang sa pagtatrabaho noon. Nalaman kong ito ay isang malaking pagkakamali. Sa pag-aalaga ng strawberry, kailangang puntahan ang greenhouse araw-araw, sa umaga at gabi, upang sila ay bigyan ng tubig, pataba, panatilihin ang tamang temperatura at tiyak ang kundisyon ng bawat strawberry. Ang pag-aani ay mula sa kalagitnaan ng Disyembre hanggang sa huling bahagi ng Mayo, at pagkatapos nito ay ang pagtatanim ng mga bagong punla, kung kaya’t walang oras ng pagpapahinga sa loob ng isang taon. Sa parte

naman ng pangangasiwa, ako ay tumatanggap ng order at naghahatid nito sa mga tindahan at bahay ng mga kostumer at inaasikaso ko rin ang mga nagsasadya sa taniman upang mamitas ng strawberry. Nagpapatulong ako sa aking asawa at anak sa panahon ng anihan, kapag sila ay may oras mula sa kani-kanilang trabaho, dahil hindi ko ito kaya nang nag-iisa. Walang araw na ako ay hindi kakaba-kaba dahil kailangang pangalagaan ang kasariwaan ng mga strawberry na inorder ng mga kostumer, at dagdag pa rito, kailangang sapat ang nakahandang strawberry dahil nagbebenta rin kami ng direkto, o kaya naman ay inaalala ko rin na maaaring ito ay masira lamang kung sosobra. Kapag nagpatuloy ang masamang panahon, nababalam ang pag-ani at ang pagpatak ng niyebe ay maaaring makabutas sa vinyl ng greenhouse kung hindi agad ito aagapan. Minsan na itong nagiba dala ng bagyo at ang mga ganitong pagkakataon ay hindi nagpapatulog sa akin sa gabi. Sa negosyong may kinalaman sa strawberry, ang oras o araw man ay hindi mahalaga, tulad na lamang sa paghahanda para sa ide-deliver na mga kargada sa umaga bago pa man sumikat ang araw. Sa puntong ito, maaaring mas maginhawa pa ang pagiging isang pangkaraniwang manggagawa noon na may takdang araw ng pagpasok at pagpapahinga sa loob ng isang linggo. Subalit kapag narinig ko na ang mga kostumer na magsabing, “Ang sarap!”, ang lahat ng aking hrap ay nawawala.

Madalas naming mapag-usapan ng aking asawa na ang malaking suwerteng dumating sa akin ay ang pagkakakilala ko kay Gng. Takano at ang pagkakaroon ng isang greenhouse sa lugar na ito. Ang lahat ng mga tagarito ay may mabubuting loob at matulungin pati na rin sa pangangasiwa ng aking taniman. Tumatanaw ako ng utang na loob sa maraming tao na tumulong sa mga bagay na hindi ko kayang gawing mag-isa, tulad sa paghahanda ng mga papeles para sa aplikasyon sa paghiram ng pera para sa pagtatayo ng greenhouse. Sa paghahatid ko ng strawberry sa mga kalapit-bahay, inaalok akong uminom ng tsaa saan man ako magpunta. Natural lamang na maiba ang pananaw ng mga dayuhang katulad natin na naninirahan sa Japan, lalo na sa mga makalumang lugar, depende sa kultura at edad ng mga naninirahan doon. Para sa akin, mahalaga sa lahat na pakinggang mabuti at respetuhin ang aking kausap at sikaping masiyahan ang sinumang kostumer.

Sa kasalukuyan, ang mag-asawang Takano ay nasa mabuting kalusugan at nagtatanim pa rin ng mga gulay. Sila ay bumibisita sa greenhouse nang halos araw-araw at nagbibigay sa akin ng payo. Dahil dito, marami ang tumatawag sa akin sa pangalang “Kimie Takano” sa pag-aakalang ako ay kamag-anak ng mga Takano. Sa pagkilala sa kabutihan nila, nais kong pangalagaan ang pangalang “Takano Strawberries” sa habang panahon. Pangarap ko na isang araw ay makapagtanim ng mga strawberry na ang tatak (brand) ay maipagmamalaki ng Shiga.



Pagsisimula sa Agrikultura

Sa biyaya ng tubig at matabang lupa na buhat sa lawa at mga bundok, ang mga mamamayan ng Shiga ay nakapamuhay na tumatanggap ng sustento mula sa masagana nilang kalikasan. Mula pa noong unang panahon, naging maunlad ang agrikultura, tulad ng pagtatanim ng bigas, gulay, mga punong-kahoy, bulaklak, tsaa, at iba pa, kasama na ang pangingisda at pag-aalaga ng mga hayop at ang “agrikulturang nangangalaga sa kapaligiran” na nagmamalasakit sa tubig ng Lake Biwa ay isinasagawa rin. Sa kasalukuyan, naragdagan ang nagsisimula sa pagtatanim at mayroong sari-saring dahilan para rito, tulad ng pagnanais ng iba na madama ang kalikasan o ang paghahangad na maging malusog ang katawan. Ang sumusunod ay mga impormasyon para sa mga hindi makuntento sa pagtatanim sa kanilang beranda o paghahardin lamang sa kanilang bakuran at nagnanais pa na magtanim nang mas marami.



- ◆ **Para sa mga nagnanais na malibang sa agrikultura:** Umupa ng isang paupahang lupang taniman. Ang isang paupahang taniman ay isang lupang may maliit na sukat na maaarkila sa murang halaga lamang na kung saan maaaring makapagtanim ng anumang nais na gulay o bulaklak. Ito ay inyong sariling maliit na bukirin. May mga paupahang taniman tulad ng binahaging mga lupa ng munisipyo, JA (Japan Agricultural Cooperative), NPO, bukid ng pribadong mga magsasaka, atbp. Makipag-alam sa bawat isa para sa pagkakaiba ng mga kondisyon sa pag-upa.
- ◆ **Para sa mga nagnanais na gawing trabaho ang agrikultura:** Maghandang mabuti sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na hakbang bago magsimula!

1. Magtipon ng mga impormasyon

- Sumangguni sa Farming Consultation Desk: 2F Shiga Pref. Agricultural Educ. Info. Center (*syuunou soudan madoguchi*)
1-2-20 Matsumoto, Otsu City Tel. 077-523-5505
- Lumahok sa mga event at seminar sa agrikultura

2. Dumanas ng praktikal na pagsasanay sa agrikultura “internship” (1 hanggang 6 na linggo)

3. Kumuha ng kasanayan (“skill”)

- Mag-aral sa Shiga Prefectural Agricultural College (1 o 2-taong kurso)
- Sumailalim sa pagsasanay ng mga magsasakang may maunlad na kaalaman sa agrikultura at sa mga samahang pang-agrikultura



Pondo para sa Pagpapaunlad ng mga Magsasaka sa Susunod na Henerasyon (*nougyou jisedai ninaite ikusei kikin*)

Isang sistema na nagkakaloob ng 1.5 milyong yen bawat taon hanggang 2 taon sa mga naglalayong maging magsasaka na sasailalim sa pagsasanay ukol sa bagong mga kaalaman sa pagsasaka mula sa mga tagapagturo sa agrikultura ng prepektura, atbp., at kolehiyong pang-agrikultura ng Shiga. (May mga kondisyon.)

- 4. **Maghanda para sa trabaho** Isang paraan upang gawing hanapbuhay ang agrikultura ay ang pagtatrabaho para sa isang samahang pang-agrikultura o para sa isang magsasaka, at ang isa pa ay ang pagkakaroon ng pansariling gawain o pagiging “self-employed”. Mayroong ilan na nagiging self-employed pagkatapos na magtrabaho para sa isang samahang pang-agrikultura.

① **Para sa mga magtatrabaho sa mga samahang pang-agrikultura at iba pang katulad nito:** Maghanap ng bakanteng tungkulin sa trabaho sa Hello Work, sa “Shiga Prefecture Agriculture, Forestry and Fishery Personnel Development Fund”, at magsaliksik ng kumpanyang maaaring pasukan sa website ng mga samahang pang-agrikultura atbp.

② **Para sa magtatrabaho ng pansarili (“self-employed”):** Bukod pa sa kaalaman, mahalaga rin ang paghahanda ng pondo at ng lupang pagtataniman.

▲ **Tiyakin ang pagkakaroon ng pondo** Upang makapagsimula sa agrikultura, kakailanganin ang paunang pondo para sa puhunan (bayad sa upa sa lupang taniman, makinarya, mga pasilidad, atbp.), kapital (tulad ng pataba, pamatay-insekto, kunsumo sa kuryente at panggatong), at kailangang mayroong pondo para sa pang-araw-araw na gastos.

Pondo sa Pagsasaka para sa mga Kabataan (*seinentou syuunou shikin*) Isang sistema sa pagpapahiram ng pondo nang walang interes sa mga kinilalang bagong mga magsasaka na nagsisimula sa agrikultura. (May mga kondisyon.)

▲ **Tiyakin ang pagkakaroon ng lupang pagtataniman** Ang pagbili / pagbebenta o pagpapaupa ng lupa ay pinangangasiwaan na may pagsasaalang-alang sa pagpapanatili sa antas ng sapat na pagkain ng buong bansa, atbp. at ang tanimang lupa ay sinisiguro sa sumusunod na mga pamamaraan:

- Ang pamamaraan para sa pagkuha ng karapatan sa isang lupa ay ginaganap pagkatapos ng isang pagsusuri ng lupong sa agrikultura ng mga lungsod at bayan.
- * Mayroon ding mga hakbang sa pamamahala ng isang tanimang lupa na walang hahaliling magmamay-ari.
- Ipaalam ang intensyon ng pagbili / pagbebenta o pagpapaupa ng isang tanimang lupa sa sangay ng pamamahala sa agrikultura ng mga lungsod at bayan at kunin ang karapatan sa lupa sa pamamagitan ng pampublikong abiso ng Agricultural Land Utilization Accumulation Plan.
- Sa paghiram ng isang tanimang lupa, mag-apply para sa isang lupain na pinangangasiwaan ng Shiga Prefecture Agricultural Land Intermediary Management Organization.





Lasapin ang biyaya ng kalikasan!



Sa Shiga, maraming mga lugar na kung saan maaaring malibang sa kalikasan sa pamamagitan ng pamimitas ng prutas, pagdanas sa sari-saring aktibidad, pakikihalubilo sa mga hayop, at iba pa. Tayo nang lumabas kasama ang ating pamilya at mga kaibigan at tamasahin ang sariwang mga biyaya ng kalikasan !

(Mga pasilidad sa Shiga na kung saan maaaring masiyahan sa kalikasan)



pamimitas ng prutas



pag-ani ng gulay



bulaklak



aktibidad ("hands-on")



hayop



• Agripark Ryuo



strawberry, cherry, peach



mais, patatas, kamote



lavender



pagtatanim / pag-ani ng bigas



tupa, buriko, kuneho

6526 Yamanoue, Ryuo-cho, Gamo-gun

Tel: 0748-57-1311

<http://www.biwa.ne.jp/~aguri-p/index.html>

• Takano Strawberry Farm



strawberry

3469 Yamanoue, Ryuo-cho, Gamo-gun

Tel: 090-9119-2850

<http://takano-garden0412.business.site/>

Instagram: takanomaykgarden



• Blume no Oka (Blumen Hugel Farm)



rosas



paggatas, paggawa ng sausage



alpaca, kuneho, guinea pig

843 Nishioji, Hino-cho, Gamo-gun

Tel: 0748-52-2611

<http://www.blumenooka.jp/blume/konna.html>

• Rock Bay Garden



strawberry



pagpapakain ng pato



kambing, kuneho

1431 Oroshimocho, Kusatsu City

Tel: 077-568-3078

<http://www.rockbaygarden.com/>



• Makino Pick Land



strawberry, cherry, blueberry, ubas, kastanyas



kamote

835-1 Terakubo, Makino-cho, Takashima City

Tel: 0740-27-1811

<http://xn--ncke3dzaw0b5dze4d.com/>

マキノピックランド.com



• Rakunoshya Nagomi no Sato Tourist Farm



strawberry, blueberry, mulberry



pangongolekta ng itlog



tupa

2579 Shimokoga, Adogawa-cho, Takashima-shi

Tel: 090-1150-3659

<https://rakuno-shya.jimdo.com/>

• Rosa and Berry Tawada Farm and Garden



blueberry, ubas



mais, patatas



rosas, mga halamang bundok



handicraft




tupa

605-10 Tawada, Maibara City

Tel: 0749-54-2323

<http://www.rb-tawada.com/>



• Dainaka Kakimi Strawberry Farm



strawberry, ubas

483 Dainaka-cho, Omihachiman City

Tel: 0748-32-1231

<http://www.dainaka.net/index.html>

• Minakuchi Technos Farm



strawberry



kamatis, kamote

5940-4 Minakuchi, Minakuchi-cho, Koka City

Tel: 0748-63-5811

<http://technos-farm.com/>

• Narita Ranch



kambing, tupa, buriko, kuneho, aso, pusa, manok

696 Shinji, Konan-cho, Koka City

Tel: 0748-86-3341

<http://narita-fureai.net/>

• Omimaiko Strawberry Orchard



strawberry



kamote

Minamikomatsu, Otsu City

Tel: 090-1155-1515

<http://www.roji15.com/>



Event Information



◆ Hachiman Festival 4/14 (Sab.) • 4/15 (Lin.)

Himure Hachimangu (257 Miyauchi-cho, Omihachiman City)

Isang katutubong kultura ng bansa na may ipinagmamalaking mahigit sa 1,000 taong kasaysayan. Ang Torch Festival ay gaganapin sa ika-14 at ang Drum Festival ay sa ika-15 ng Abril.

INFO Tourist Info. Office Omihachiman station north exit
Tel. 0748-33-6061

◆ Minakuchi Hikiyama Festival 4/19 (Huw.) • 4/20 (Biy.)

Minakuchi-jinja (3-14 Miya no mae, Minakuchi-cho, Koka City)

Isang katutubong kultura ng prepektura. Tutugtugin ang musika ng Minakuchi bayashi sakay ng magagarang karosa (hikiyama)

INFO Koka City Tourism Association Tel. 0748-60-2690

◆ Korei Taisai (Taga Festival) 4/22 (Lin.)

Taga Taisha (604 Taga, Taga-cho, Inukami-gun)

Isang seremonyang nilalahukan ng mahigit-kumulang sa 400 katao at 40 mga kalalakihan na nakasakay sa kabayo.

INFO Taga Tourism Association Tel. 0749-48-1553

◆ Ika-50 Kusatsu Shukuba Festival 4/29 (Lin.)

Gaganapin sa mga daan ng Tokaido at Nakasendo sa paligid ng JR Kusatsu at munisipyo. May parada na magpapakita ng mga kasuotan noong unang panahon, mga tindahan sa daan, pagtatanghal sa entablado, atbp.

INFO Kusatsu Shukuba Festival Executive Committee secretariat
Tel. 077-566-3219

◆ Azuchi Nobunaga Festival 6/3 (Lin.)

Azuchi Castle ruins (Shimotoira, Azuchi-cho, Omihachiman City)

Parada ng mga mandirigmang samurai, Azuchi open market, event

INFO Azuchi Nobunaga Festival Council Tel. 0748-46-2346

◆ Yagawa Shrine Tanabata Festival 7/7 (Sab.)

Yagawa-jinja (70 Morishiri, Konan-cho, Koka City)

Ang paligid ng dambana ay gagayakan ng mga pinalamutiang kawayan ng tanabata ng mga bata. May Koga-style hand-held fireworks na itatampok para sa pinala. Libre ang paglahok.

INFO Yagawa Shrine Tel. 0748-86-3141

◆ Tetsudo Tanabata Train - unang bahagi ng Hulyo

Shigaraki Kogen Railway (192 Nagano, Shigaraki-cho, Koka City)

Ang loob ng tren ay papalamutan ng mga papel na sinulatan ng mga kahilingan (tanzaku). May pagtatanghal ng musika at regalo para sa mga bata.

Bayad sa tren: Shigaraki~Kibukawa

Matanda ¥460 Bata ¥230

INFO Shigaraki Kogen Railway Co. Ltd.
Tel. 0748-82-3391



Ang susunod na edisyon ng Mimitaro ay nakatakdang ilathala sa buwan ng Hulyo.

Ang tagsibol ay panahon ng mga bulaklak!

◆ Ika-4 na Eksibisyon ng Azalea (satsuki) Bonsai sa Nagahama 5/26 (Sab.) until 6/10 (Lin.)

Keiunkan (2-5 Minato-cho, Nagahama City)

Bayad: Matanda ¥500 Bata (hanggang Jr. HS) ¥200

INFO Nagahama Tourism Association Tel. 0749-65-6521

◆ Moriyama Rose & Herb Garden Kalagitnaan ng Mayo hanggang kalagitnaan ng Hunyo

(2840 Sazukawa-cho, Moriyama City)

Bayad: Matanda ¥200 Estudyante Jr. HS at pababa ¥100

INFO Moriyama Rose & Herb Garden Tel. 077-585-1975

◆ Hydrangea (ajisai) Park Kalagitnaan hanggang katapusan ng Hunyo (Lakeside sa Yogo-cho, Nagahama City)

INFO Oku-Biwa Tourist Association Tel. 0749-82-5909

◆ Mizu no Mori (water forest) Water Botanical Garden

(1091 Oroshimo-cho, Kusatsu City)

Bayad: Matanda ¥300, Univ, Sr. HS ¥250, Jr. HS, Elem. ¥150

INFO Kusatsu Aquatic Botanical Garden Mizu no Mori

Tel. 077-568-2332



Paunawa mula sa SIA



~Pagsasanay ng mga Nursing Care Staff sa Shiga~

Ginaganap ng prepektura ng Shiga ang pagsasanay na naglalayong matuto ng mga kinakailangang kakayahan at kaalaman at aktuwal na makapagtrabaho sa larangan ng nursing care ang mga dayuhan.

Nilalaman: Panimulang pagsasanay bilang tauhan sa nursing care (magkakaroon ng kwalipikasyon na alinsunod sa batas kapag nakapagtapos ng kurso)

Maaaring lumahok: Mga dayuhang residente ng prepektura (Mayroong interview)

* Walang bayad ang matrikula subalit bibilhin ang sariling libro.

INFO Machikado Care Shiga Net

(inatasang samahan ng prepektura) Tel. 0748-60-2899

~Impormasyon ukol sa Scholarship~

◆ Orizuru-kai (samahang para sa kapakanan ng publiko)

Ang mga scholarship, benepisyo sa pagpasok sa paaralan, pondo para sa pag-akyat sa susunod na antas, atbp., ay ibinibigay sa mga batang taga-Shiga na naulila ng isa o parehong magulang na biktima ng isang aksidente sa trapiko (hanggang sa pagtatapos sa senior high school)

http://www.pref.shiga.lg.jp/c/kotsu-s/dayori-1/files/109_1.pdf

INFO Orizuru-kai (4-1-1 Kyomachi, Otsu City)

Shiga prefectural government office Traffic Strategy Section

Tel. 077-528-3682

◆ Pangangalap ng mga Dayuhang Estudyanteng Aplikante para sa Biwako Scholarship Taong 2018

Mga maaaring sumali: Mga naninirahan sa Shiga na estudyante buhat sa ibang bansa • pamantasan • junior college

(Hindi na sinasakop ang mga estudyante sa high school mula ng taong 2016). Basahin ang mga patnubay para sa aplikasyon sa taong 2018 sa sumusunod na website: <http://www.s-i-a.or.jp>

INFO Shiga Intercultural Association for Globalization (SIA)

Tel. 077-526-0931